# Nais namin suportahan ang mga mag-aaral na hindi kayang tustusan ng magulang ngunit nais magpatuloy sa Senior High School.



Aichi Prefecture Board of Education

## May "Recommendation Type Selection (*Suisen*)" para sa mga taong nagsisikap na mag-aaral sa kabila ng pagiging kapus-palad.

- ◯ Ang mga Public Full-time Senior High School (*zennichi-sei*) sa prefecture ay mayroong recommendation type selection na ang saklaw ay mga "“Namumukod-tanging katangian, kapus-palad ngunit nagsisikap, at nagiging isang huwaran para sa iba sa pag-aaral at ugali sa buhay ”na mga mag-aaral.
- ◯ Ang tinutukoy na “kapus-palad ngunit nagsisikap” sa recommendation selection ay ang sitwasayon kung saan ang magulang o tagapag-alaga ay saklaw ng alinman sa mga kondisyon (1) hanggang (3) sa **talahanayan 1 sa 2nd page**, o mga sitwasyon kung saan ang aplikante ay saklaw ng kondisyon (4). Ang mga dokumentong magpapatunay ng dahilan o sitwasyon ay tulad ng nasa column ng “Mga patunay na dokumento”.
- ◯ Maaaring mag-aplay para sa recommendation selection sa pamamagitan ng pagsumite ng kahilingan mula sa magulang o mismong aplikante at ang Junior high school principal ang mag-iimbestiga at mag-aapruba kung bibigyan ng recommendation ang bata. Mahalagang bagay ito kaya sa mga nagnanais mag-aplay dito, mangyaring kumonsulta ng maigi sa magulang bago sabihin ang iyong kahilingan sa iyong homeroom teacher.
- ◯ Tuwing mag-aaplay, mangyaring irehistro ang mga data ng "mga dokumentong nagpapatunay" gamit ang web application system.

## May sistema ng pinansyal na suporta para sa mga bayarin sa Senior High School (*shugaku shien kin*)

- ◯ Ang suporta para sa matrikula ay ibinibigay ng pamahalaan upang mabawasan ang pasaning mga bayarin sa matrikula.
- ◯ Upang makatanggap ng pinansyal na suporta sa matrikula, kailangang mag-aplay sa araw ng pasukan sa Abril. (Ang halagang ibibigay para sa mag-aaral na papasok sa 2025 ay nakasaad sa **talahanayan 2** ng pangalawang pahina.

## Mga sistema sa pagbabawas o exemption sa pagbabayad sa enrollment fee at matrikula(*gen-men*).

- ◯ Ang prefecture ay nagbibigay ng exemption sa pagbabayad ng enrollment fee sa mga taong may problemang pampinansyal.
- ◯ Tungkol sa matrikula, kung hindi nakatanggap ng pinansyal na suporta para sa mga bayarin sa Senior High School dahil sa mataas na annual income sa nakaraang taon (o taon bago iyon) ngunit biglang nagbago ang sitwasyong pampinansyal at biglang naghirap ay maaaring mag-aplay ng exemption o pagbabawas ng mga bayarin hanggang makatanggap ng pinansyal na suporta para sa mga bayarin (*shugaku shienkin*).
- ◯ Sa mga nagnanais mag-aplay nito, mangyaring sumangguni sa impormasyong ibinigay sa enrollment orientation para sa mga mag-aaral na pumasa at mag-aplay sa Senior high school na papasukan. (Ang mga kondisyon para sa mga papasok na mag-aaral sa taong 2025 ay nakasaad sa **talahanayan 3** ng pahina 3.)

## Mayroong scholarship fund system.(hindi kailangang bayaran pabalik)

- ◯ Upang mabawasan ang mga pinansiyal na pasanin maliban sa matrikula sa Senior High School, atbp., ang prefecture ay nagbibigay ng scholarship na kung saan hindi kailangang bayaran pabalik sa mga pasok sa mga kondisyon para dito.
- ◯ Sa mga nagnanais mag-aplay dito, mangyaring mag-aplay sa panahong itinakda ng paaralan pagkatapos ng enrollement sa Senior High school. (Ang mga kondisyon para sa mag-aaral na papasok sa taong 2025 ay nakasaad sa **talahanayan 4** ng pahina 3.)

## Mayroong scholarship loan system. (Kailangang bayaran pabalik)

- ◯ Ang prefecture ay nagbibigay ng scholarship loan sa mga mag-aaral sa Senior High School upang suportahan ang kanilang pag-aaral na kung saan karamihan ng mga mag-aaral ang nag-aaral gamit ang sistemang scholarship loan.
- ◯ Sa mga nagnanais mag-aplay dito, mangyaring mag-aplay sa panahong itinakda ng paaralan (June) pagkatapos ng enrolement sa Senior High school. (Ang mga kondisyon para sa taong 2025 ay nakasaad sa **talahanayan 5** ng pahina 3)

**Talahanayan 1: Mga saklaw na kondisyon at patunay na dokumento sa Recommendation selection para sa mga "kapus-palad na mag-aaral"**

| Kondisyon | Patunay na dokumento |
|---|---|
| (1) Mga taong nasa ilalim ng proteksyon (*seikatsu-hogo*) gaya ng tinukoy sa Arktikulo 6 Seksyon 1 ng Batas sa Proteksyong Pangkabuhayan (Act No. 144 ng Taong Shouwa 25) | (1) Isang dokumento na nagpapatunay na tumatanggap ng proteksyong pangkabuhayan na inisyu ng welfare office o dokumentong naiisyu na at maaaring patunayan na tumatanggap ng proteksyon. |
| (2) Mga taong hindi nagbabayad ng municipal residential tax alinsunod sa mga lokal na batas sa buwis (Act No.226 ng taong Shouwa 25) o nagbabayad lamang ng per capita rate ng municipal residence tax. | (2) "Tax exemption certificate (*hikazeishoumeishou*)" mula sa munisipyo o "Taxation certificate(*kazeishoumeisho*)" o "Municipal residence tax payment amount notice" |
| (3) Mga pamilyang natatanggap nang buo ang Child dependent Allowance (*jidou fuyou teate*) alinsunod sa "Child dependent Allowance Law" (Act No. 238 of taong shouwa 36 ). (Maliban sa pamilyang bahagya lamang ang natatanggap) | (3) Sertipiko ng Child dependent Allowance (*jidou fuyou teate shoumeisho*) na inisyu ng mayor ng munisipalidad (kabilang ang direktor ng isang welfare office na itinatag ng prefecture o munisipalidad) |
| (4) Mga bata na nakonsidera na hindi nakakatanggap ng aruga ayon sa Artikulo 27, Seksyon 1, Paragraph 3 ng "Batas sa Kapakanan ng Bata" (Act No. 164 ng taong Shouwa 22) | (4) Sertipiko o dokumento na nagpapatunay na mula sa "Direktor ng Opisina ng paggabay sa bata(*jidou soudanjo*)" o "Opisina para sa Kapakanan ng bata" |

(Paalala) Sa Prefectural Senior High School, ang mga dokumentong nagpapatunay sa (2) at (3) ay maaaring gamitin para mag-aplay ng exemption sa bayarin sa pagpasok kung walang pagbabago sa sitwasyon ng pamumuhay mula sa nakaraang taon.

Sa Senior High School sa Nagoya City, ang mga dokumentong nagpapatunay sa (1) hanggang (3) ay maaaring gamitin para mag-aplay ng exemption sa bayarin sa pagpasok kung walang pagbabago sa sitwasyon ng pamumuhay sa panahon ng aplikasyon.

**Talahanayan 2: Halaga ng matatanggap na pinansiyal na tulong (*shugaku shienkin*) at mga patunay na mga dokumento**

| Halagang ibinibigay (Full-time/ bawat taon) | Total of "basic tax amount x 0.06 - municipal resident tax adjustment deduction".ng magulang | Mga patunay na dokumento ng "basic tax amount at municipal resdient tax adjustment deduction". |
|---|---|---|
| 118,800 Yen | Hindi aabot sa 304,200 Yen | ・My Number Card o dokumentong may personal number<br>・Tax certificate |

※Sa Nagoya City, ang " municipal resident tax adjustment deduction " ay i-mumultiply ng 0.75.

(Paalala)

1 Hindi ito kailangang bayaran pabalik. Kahit hindi saklaw ng mga kondisyon sa itaas, maaari paring makatanggap ng pinansyal na suporta (*shugaku shienkin*) kung sakaling may anumang biglaang pagbabago ng pananalapi ng sambahayan.

2 Depende sa pagbabago ng sistema tungkol sa libreng matrikula sa high school, maaaring magbago ang mga pamantayan sa pagbibigay.

**Talahanayan 3: Mga kondisyon at patunay na mga dokumento para sa "pagbabawas o exemption sa pagbabayad sa enrollement fee at matrikula (gen-men)" (para sa high school sa Aichi)**

| Kondisyon | Halaga na mababawas | Patunay na dokumento |
|---|---|---|
| (1) Mga taong hindi nagbabayad ng resident tax alinsunod sa mga lokal na batas sa buwis o nagbabayad lamang ng per capita rate ng municipal residence tax.<br>※Pareho sa (2) sa Talahanayan 1. | Buong halaga ng enrollement fee at matrikula | (1) ""Tax exemption certificate (*hikaze shomeisho*)" mula sa munisipyo o "Tax certificate (*kazei shomeisho*)" o "Special municipal residence tax payment amount notice" |
| (2) Mga pamilyang natatanggap nang buo ang Child dependent Allowance (*jidou fuyou teate*) . (Maliban sa pamilyang bahagya lamang ang natatanggap)<br>※Pareho sa (3) ng Talahanayan 1. | | (2) ) Child dependent Allowance Certificate (*jidou fuyou teate shomeisho*) |
| (3) Hindi lalampas sa ¥336,000 ang total taxable income matapos bawasan ng ¥330,000 para kada dependent family member na nasa 15 pababa o ¥120,000 para sa dependent family na nasa edad 16 pataas, at hindi lalampas ng edad na 18. . | Kalahati ng matrikula | (3) "Tax certificate (*kazei shomeisho*)" na ibinibigay ng mayor ng munisipalidad o "Special municipal residence tax payment amount notice" |

(Paalala)

1 Para sa mga nakapasa sa mga kondisyon ng pinansyal na suporta sa pag-aaral sa hayskul, ang enrolement fee lamang ang mababawasan o ma-eexempt

2 Bukod pa sa nabanggit sa itaas, mayroong sistema ng exemption o pagbubukod sa bayad sa matrikula (para lamang sa Correspondence Course) at bayad sa pag-aaral na lampas sa itinakdang limitasyon ng suportang pinansyal para sa high school.

**Talahanayan 4: Mga Kondisyon para makapag-aplay sa Scholarship (hindi kailangan bayaran pabalik)**

| Kuwalipikasyon para sa mga estudyante | Kuwalipikasyon para sa magulang o tagapag-alaga |
|---|---|
| Mga estudyante na naka-enrol bilang 1st year Senior High School (kasali ang mga paaralan sa labas ng Aichi prefecture) mula taong Heisei 26 (2014) at kuwalipikadong tumanggap ng "Pinansyal na Suporta ng pag-aaral (shugaku enjo)" (Suporta sa matrikula ng bansa) bago mag Hulyo. | Ang aplikante ay dapat na isang tatanggap ng pampublikong tulong(*seikatsu hogo)* (livelihood assistance) simula Hulyo 1 ng taon ng aplikasyon, o lahat ng mga tagapag-alaga ay dapat na exempted sa prefectural at municipal income taxes (0 yen). |

(Paalala)

1 Dahil ito ay isang benepisyo, hindi ito kailangang bayaran pabalik.

2 Matutukoy kung talagang tatanggap ng mga benepisyo o hindi pagkatapos suriin ang mga kondisyon ng taon ng aplikasyon. (Mula FY2020, pinalawak ang pagiging karapat-dapat upang isama ang mga sambahayan na ang tinantyang taunang kita sa taon ng aplikasyon ay katumbas ng walang buwis dahil sa mga biglaang pagbabago sa pananalapi ng sambahayan.)

3 Kung ang tirahan ng magulang/tagapag-alaga ay nasa labas ng Aichi Prefecture, maaari siyang mag-aplay para sa mga benepisyo ng scholarship sa prefecture kung saan nakarehistro ang kanilang residente.

**Talahanayan 5: Mga kondisyon para makapag-aplay ng Scholarship loan (Kailangang bayaran pabalik)**

| Kondisyon |
|---|
| Ang mga magulang o tagapag-alaga ng menor de edad ay naninirahan sa Aichi Prefecture at ang estudyante ay naka-enroll sa isang high school o ibang paaralan (kabilang ang mga paaralan sa labas ng Aichi Prefecture).<br>Ang total na halaga base sa pamantayan na halaga ng buwis ng magulang matapos bawasan ang tax ay hindi lalampas ng 2,300,000 Yen. |

(Paalala) Dahil ito ay loan, kakailanganin mong bayaran ito matapos magtapos ng high school.